



MGA TAGUBILIN

J02831

2024-08-01



KIT NG FOOTBOARD NG RIDER

PANGKALAHATANG IMPORMASYON

Talahanayan 1. Pangkalahatang Impormasyon

Mga Kit	Mga Iminumungkahing Kagamitan	Antas ng Kasanayan ⁽¹⁾
50631-04, 50500089, 50501801	Mga Salaming Pangkaligtasan, Lyabe ng Torque	

(1) Kinakailangan ang paghihigpit sa halaga ng torque o iba pang mga katamtamang kagamitan at pamamaraan

MGA NILALAMAN NG KIT




Figure 1. Mga Nilalaman ng Kit: Mga Bahagi ng mga Footboard ng Rider

Talahanayan 2. Mga Nilalaman ng Kit: Mga Bahagi ng mga Footboard ng Rider

<input checked="" type="checkbox"/>	Item	Qty	Paglalarawan	Part No. (Piyesa Blg.)	Mga tala
<input type="checkbox"/>	1	1	Assembly ng patungan ng paa (footboard), kanan	Hindi ipinagbibili nang hiwalay	
<input type="checkbox"/>	2	1	Assembly ng patungan ng paa (footboard), kaliwa	Hindi ipinagbibili nang hiwalay	
<input type="checkbox"/>	3	4	Shoulder bolt, 1/4-20 x 1-3/32 pulgada, Kit 50631-04 (Hindi ipinapakita)	50635-82A	
<input type="checkbox"/>	4	4	Locknut, flanged, 1/4-20, Kit 50631-04 (Hindi ipinapakita)	7716	

TALA

Tiyakin na lahat ng nilalaman ay nasa kit bago magkabit o magtanggap ng mga item mula sa sasakyan.

PANGKALAHATAN

Mga Modelo

Para sa impormasyon ukol sa fitment ng modelo, tingnan ang seksyon ng Retail na Katalogo ng P&A o ang seksyon ng Mga Piyesa at Accessory ng www.harley-davidson.com (Ingles lamang)

Tiyakin na ginagamit ang pinakabagong bersyon ng pahina ng tagubilin. Makukuha ito sa: www.harley-davidson.com/isheets

Makipag-ugnayan sa Harley-Davidson Customer Support Center sa 1-800-258-2464 (para sa U.S. lang) o sa 1-414-343-4056.

Mga Kinakailangan sa Pagkakabit

Mga modelo ng FLTRXSTSE: Kinakailangan ang hiwalay na pagbili ng Front Support Mounts (Part No. 47200302A - qty na 2). Tingnan ang manual ng serbisyo para sa pag-alis ng mga lumang suporta sa harap at pag-install ng **bagong** mga suporta.

Ang kit na ito ay hindi akma sa mga Kit ng Leather Rider Footboard Fringe (50205-97) o (50206-98).

⚠ BABALA

Ang kaligtasan ng nagmamaneho at pasahero ay nakasalalay sa tamang pag-i-install ng kit na ito. Kung ang pamamaraan ay hindi abot ng iyong kakayahan o wala kang mga angkop na kasangkapan, ipagawa sa isang dealer ng Harley-Davidson ang pag-i-install. Ang maling pag-i-install ng kit na ito ay maaaring magresulta sa kamatayan o malubhang pinsala. (00308b)



ALISIN

1. Tanggalin ang dalawang shoulder bolt at locknut na nagkakabit sa umiiral na footboard sa mga pang-mount na bracket.
2. Tanggalin ang footboard.
3. Linisin at inspeksyunin ang mga bracket ng footboard. Palitan kung luma, kinakalawang, o sira na.

TALA

Para sa kit 50500089, gamitin ang Orihinal na Kagamitan (OE) na pang-mount na hardware kapag nagkakabit ng mga footboard.

IKABIT

1. Ikabit ang naaangkop na footboard (1 o 2) sa puwesto sa ibabaw ng mga pang-mount na bracket.
2. Pagpantayin ang mga butas at ikabit ang mga shoulder bolt (3) at locknut (4). Higpitan.
Torque: 9–12 N·m (7–9 ft-lbs)
3. Tiyakin na ang footboard ay malayang nakakagalaw.
4. Ulitin ang proseso para sa kabilang panig.